# *Pagninilay mula sa Aklat ng Ruth Yugto 16*
# *Ang Limang - Pangkat ng Paglilingkod*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth.

***"17 At nilagyan ng pangalan ng mga babaing kaniyang kapitbahay, na sinasabi, May isang lalake na ipinanganak kay Noemi; at tinawag nila ang pangalan niya na Obed; siya ang ama ni Isai, na ama ni David." (Ruth 4:17 KJV)***

***Obed:*** Ang kahulugan ng Obed ay *'lingkod', o 'paglilingkod'.* Dapat siyang palakihin na may takot sa Diyos at maglingkod sa Panginoon sapagkat siya'y lingkod ng Dios. Ang ating mga anak na ipinanganak sa atin sila'y mga lingkod ng Dios. Dito ngayon matatalakay natin kung paanong ang ating pamilya ay magiging mabisa nag awing disipolo ang ating mga anak para kay Cristo. Ito ang mag uudyok sa atin na magsalita tungkol sa limang katungkulang ministeryo na mababasa natin sa Efeso. ***"11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: 13Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo: 14 Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian; 15 Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo; 16 Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig." (Epeso 4:11-16 KJV)***

Ang mga kaloob ni Jesus sa Kanyang simbahan nang siya'y umakyat, ***" At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro;" (Epeso 4:111 KJV)*** ang limang espirituwal na mga kaloob na ito may malaking epekto sa buhay ng simbahan. Ang sumusunod ay maikling paglalarawan para sa bawat isa ng mga espirituwal na mga kaloob na ito at tanggapan:

***A. Mga Apostol:*** Ay ang mga Apostol ni Jesus na nagtayo ng pundasyon sa Bagong Tipan ng simbahan. Ang kahulugan ng apostol ay ipinadala ng Dios. Ang kanilang ministerio ay sinamahan ng mga tanda at kababalaghan. Tayo, ang mga kasalukuyang disipulo na patuloy na naglalatag ng pundasyon ng Simbahan ay hindi mga apostol kundi ginagawa at ipinagpapatuloy natin ang ministeryo ng mga apostol.
***B. Mga Propeta:*** Na nagpahayag ng buong kalooban ng Diyos at kung ano ang mangyayari sa mga sumusunod at sa mga hindi sumusunod.
***C. Mga Evangelista:*** Na nagdadala ng mensahe ng kaligtasan sa mga hindi pa nakakarinig ng mensahe tungkol kay Jesus at hikayatin silang magsisi at tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, at ang Kanyang ginawa sa krus bilang tanging daan upang mapatawad ang kanilang mga kasalanan at sila'y maligtas.
***D. Mga Pastor:*** Na namumuno sa tupa, pagpapakain at hayaan silang dumaan sa luntiang pastulan at gabayan sila sa kanilang buhay at protektahan sila at ilayo sila mula sa mga panganib.
***E. Mga Guro:*** Na tiyak na nagbibigay ng mensahe ng kahulugan at pagsasagawa ng Salita ng Diyos na nasa Banal na Bibliya. At sila'y strikto upang ipatupad ang aral.

Ngayon kailangan nating gawin ang limang mga kaloob na ito at gawing karapat dapat ang mga ito at iangkop sa buhay ng simbahan. Ang simbahan ay binubuo ng mga kasapi na nakikipaguganayan sa isa't isa. At ang pinakamaliit na posibleng bahagi sa simbahan na nakikipagugnayan sa isa't isa ay ang pamilya. At mula sa puntong ito ng pananaw, ang pamilya ay may limang espirituwal na mga kaloob na ito at ipatupad ang mga ito sa buhay ng kanilang pamilya.

***A. Mga Apostol:*** Ang pamilya, sa particular, ang mga magulang sa tulong ng simbahan na kanilang kinabibilangan ay ipatupad ang pundasyon ng katuruan ng mga apostol sa kanilang pamilya
***B. Mga Propeta:*** Ang mga magulang ang gaganap bilang mga propeta upang ipahayag sa kanilang mga anak ang buong kalooban ng Diyos. Sa kanilang masunuring mga anak sila'y magpapahayag sa kanila ng kasaganaan at mabuting hinaharap, ngunit sa kanilang masuwaying mga anak sila'y magpapahayag ng kabiguan at pagkasira maliban kung sila'y magsisisi.
***C. Mga Mangangaral ng Evangelio:*** Ang mga magulang ang gaganap bilang evangelista upang ipahayag ang mensahe ng kaligtasan sa kanilang mga anak na hindi pa nakarinig ng mensahe tungkol kay Jesus at hikayatin silang magsisi at tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas at ang Kanyang ginawa sa krus bilang tanging daan para sa kanila na maligtas.

***D. Mga Pastor:*** Ang mga magulang ang mamumuno sa kanilang mga anak sa luntiang pastulan, pagpapakain sa kanila sa araw araw ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng araw araw na pagbabasa ng Bibliya, at paninikluhod sa pananalangin sa loob ng pamilya, hayaan silang dumaan sa lutiang pastulan sa paggabay sa kanila sa kanilang buhay at protektahan sila at ilayo sila mula sa mga kapahamakan.
***E. Mga Guro:*** Ang mga magulang ang dapat magbigay sa kanilang mga anak ng kahulugan at ng pagsasagawa ng Salita ng Diyos na nasa Banal na Bibliya. Dapat silang maging mahigpit sa kanilang mga anak at disiplinahin sila upang ang ganap na Salita ng Diyos ay maisagawa sa kanilang buhay.

Ang pamilya ay ang lugar na ang espirituwal na mga kaloob ayisasagawa upang palakihin ang MakaDiyos na saling lahi at gawing bagong mga alagad ang mga bata, upang maging lingkod ng Dios sa hinaharap. Ang mga magulang at mga lolo't lola, mga tiyuhin at tiyahin kapag magkakasama sa loob ng pamilya sila ay kailangan at dapat magtulungan para sa iisang misyon at sa iisang isip at direksyon upang palakihin ang mga anak na maka Diyos, at ang simbahan ay dapat patuloy na makaapekto sa bawat miyembro ng pamilya at ipaalala sa kanila ang tungkuling inilagay ng Diyos sa kanilang buhay upang palakihin ang makadiyos na salinlahi. Ang mabungang karanasan ng bawat kasapi ng pamilya kasama ng Diyos ay dapat gawin para sa layuning ito Habang sinimulan nating maglingkod sa Panginoon ang ating buhay ay manunumbalik sa origihinal at dakilang plano na mayroon ang Dios para sa atin at lahat ng ating mga anak ay dapat naglilingkod sa Panginoon at nakikibahagi sa plano ng Dios na mayroon Siya para sa kanila.

Mula sa kapaligiran ng bagong pamilyang ito nina Booz, Ruth at Noemi, tatalakayin natin ang ilang pagsasagawa ng mensahe upang madaling maunawaan, matunaw at maisabuhay.

Ngayon, sa pagbabalik sa limang espirutuwal na mga kaloob na ito na nauna nating tinalakay kanina, ang mga may pananagutan upang ihanda at sanayin si Obed sa kanyang pamilya, "***Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:" (Epeso 4:12 KJV)*** ay sina Booz, Ruth at Noemi. Silang tatlo, sa pamilya, ay may malaking karanasan na maibabahagi kay Obed at maghuhulma sa kanya upang maging lingkod ng Dios.

***1. Ang kanyang ina, si Ruth:*** Sa masayang karanasan niya sa Dios at sa Kanyang pagibig, siya ang unang magsasabi sa kanya tungkol sa Diyos, pagpapahayag sa kanya ng Salita ng Diyos at mga utos. Bilang ang mga ina ang nagbibigay ng gatas at inaalagaan ang kanilang mga anak sasabihin nila sa kanilang mga anak unti-unti ang tungkol kay Jesus.
***2. Ang kanyang ama, si Boaz:*** ay ang pastor ng bata, pangungunahan siya, pagpapakain sa kanya araw araw ng Salita ng Diyos, pagbibigay sa kanyang pangangailangan at paggabay sa kanya. Si Boaz din ay ang guro na matatag at mahigpit sa kanya upang ituwid siya at disiplinahin siya. Ang mga ama ang dapat gumawa ng nasa itaas na mga tuntunin para sa kanilang mga anak.
***3. Ang kanyang lola, si Noemi:*** sa kanyang masakit na karanasan ng paglayo mula sa kalooban ng Diyos at sa pagdurusa na siya'y nalantad ay maaring maging propeta sa bata, pagsasabi sa kanya sa hinaharap na mayroong magandang plano ang Diyos para sa kanya at kailangan niyang sumunod sa Diyos sa gayo'y ang plano ng Diyos ay magkatotoo. Si Noemi ay maarig magsalyasay kay Obed at sabihin ang Salita ng Diyos at babalaan siya para sa kanyang pakinabang kapag siya'y sumuway upang maibalik siya sa kalooban ng Diyos.
***4. Ang kanyang simbahan:*** Ang simabhan na ang pamilya ni Obed ay kabahagi, aalalay sa kanila at tutulungan sila na ilatag ang pundasyon ng mg apostol sa loob ng pamilya.

Sa sandaling ito dapat nating papurihan ang Dios at ibigay ang kaluwalhatian sa Kanya para sa lahat ng iyon na inilaan Niya para sa atin bilang pamilya. Kaya't, tayo'y mas maging seryoso sa pangangalaga sa ating sarili at para sa ating pamilya at sa mga anak na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin upang palakihin sila ng may takot sa Panginoon, at maging Kanyang mga lingkod sa hinaharap.

Tayo'y magpakumbaba sa harapan ng Diyos at gamitin ang espirituwal na mga kaloob na ibinigay Niya sa atin para sa ating mga pamilya at sa ating mga anak sa mabuting paraan, ***"13 Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:" (Epeso 4:13)*** Dapat nating bantayan ang ating mga pamilya at mga anak upang protektahan sila mula sa mga kamay ng mga kaaway na sinisikap na hilahin sila palayo sa daan; dapat nating silang protektahan ang ating mga anak mula sa media at mula sa masasamang kaibigan at kamag-anak na maaring gamitin ng diablo upang wasakin ang pananampalataya ng ating mga anak, ***"Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian; " (Epeso 4:14 KJV)*** Gayundin, bilang Simbahan ng Diyos, ay kailangan nating ipangako ang ating sarili sa mga alintuntunin na ating natutunan, na dapat nating alagaan at tingnan ang bawat pamilya sa ating mga kapisanan, at tiyakin na ang pundasyon ng mga apostol ay maisagawa sa bawat pamliya. ***"15 Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo; 16Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat***

***na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig." (Epeso 4:15-16 KJV)***

*Ang mga magulang ay dapat magkasundo sa isa't isa at dapat silang sumangayon sa simbahan at ang simbahan ay dapat sumangayon sa Salita ng Dios. * Sa ilang mga pamilya makikita natin ang ibang mga kasapi na naroroon halimbawa, mga lolo't lola, tiyuhin, manugang, atbp. Ang lahat ng ito ay dapat magkaroon ng iisang isip at iisang direksyon upang mapalaki ang mga anak sa makaDiyos na paraan batay sa Salita ng Diyos. Kailangang magkaisa ang kapaligiran sa pamilya. Kung ang pamilya ay nagpasya ng 'Hindi', pagkatapos ay 'Hindi.' Kung ang pamilya ay nagpasya ng 'Oo', pagkatapos ay 'Oo'. kung 'Hindi ipinahintulot', kung gayon 'huwag ipahintulot'. Hindi dahil sa sabihin ng ama na 'Hindi', ang tiyahin o ang lola ay magsasabi ng 'Oo', o ang ina ay hindi nagpapahintulot ngunit pahihintutan ng lola; na magdudulot ng kalituhan at pagsuway.

May tanong na nagsasabing, 'Hanggang sa anong gulang dapat nasa pangangalaga ng mga magulang at sa kanilang pangangasiwa ang mga anak? Hanggang sa gulang na 18 taong gulang, hanggang sa kanilang pag-aasawa, o pagkatapos ng kanilang pag-aasawa?' Upang masagot ang tanong na ito itanong natin ito: 'Hanggang sa anong panahon ang mga tao, at tayo sa kanila, ay kailangang nasa ilalim ng pangangalaga ng simbahan? Ang sagot: 'Hanggang sa makatagpo natin ang Panginoon o kung mananatili Siya magluluwat hanggang sa tayo ay ilibing.' Kaya't ang ating mga anak ay nasa ilalim ng ating pagbabantay ng mga magulang hanggang sa pagdating ng Panginon, at kung Siya ay magluwat sa gayo'y hanggang sa kamatayan ng mga magulang.

***Sa aking mahal at minamhal:*** Ating ngayong siyasatin kung gaano tayo kalayo mula sa Banal na Kasulatan sa ating buhay at sa paglilingkod sa Dios lalo na patungkol sa buhay pamilya at para palakihin ang mga anak na makaDios. Tayo ay magsisi, bumalik at ipangako ang ating mga daan sa Dios at panunumbalikin Niya tayo at tutulungan tayong sumunod sa Kanya sa makipot na daan na itinalaga Niya para sa atin upang pagdaanan. Tayo ay magsisi at ipangako ang ating sarili sa mga alintuntunin na ating natutunan sa mensaheng ito at isagawa ang mga ito sa ating simbahan at sa buhay ng bawat isang pamilaya. Tayo ay magtiwala sa ating mabuting pastol at sumunod sa Kanya, at aakayin Niya tayo sa makipot na pintuan at ibibigay ang lahat ng ating pangangailangan at poprotektahan tayo.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa lahat ng aking natutunan sa mensaheng ito.*
*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan_______________.*

*Panginoon dalangain ko para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mga alintuntunin ng mensaheng ito, Panginoon gabayan mo sila at pangunahan sila sa mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon tulungan mo silang makamit ang iyong layunin sa kanilang buhay at sa buhay ng kanilang mga pamilya at mga anak.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming ipatupad ang iyong Salita at ang aral na aming tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon patnubayan kaming magturo, magpaalala at ihanda ang mga makadiyos na kalalakihan at kababaihan at sanayin silang palakihin ang kanilang mga anak sa makaDiyos na paraan upang maging iyong mga lingkod. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at patnubayan kaming magevengelio at gumawa ng bagong mga alagad, at magtanin pa ng pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.